# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 47*
# *Pagtagumpayan ang Damdamin Yugto 1*

***"Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa." (Colosas 3:2 KJV)***

Ang damdamin ang isa sa mga kaaway na kailangang mapagtagumpayan ng mga tao sa kanilang buhay. Ang damdamin ang hahadlang sa isang tao sa paggawa ng pagpapasya na makakalugod sa Dios at ipamuhay ang Kanyang kalooban. Ang Salita ng Dios ang nagdidirekta sa atin upang ilagak ang ating pagmamahal at ang iniisip natin sa mga bagay na makaLangit.

Ang mga taong tinawag ng Dios sila'y magpapatuloy na humayo at maglingkod sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban kung hahayaan nilang palayain ang kanilang mga damdamin. Ang mga taong tinawag ng Dios sila'y magpapatuloy na humayo at maglingkod sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban kung mag iisip sila ng buong isip at hindi sa pamamagitan ng kanilang puso.

Nang inilagay ng Dios ang mga tao sa halamanan ng Eden, at pagkatapos magkasala ng mga tao at kinain ang pinagbabawal na punong kahoy, Hinarap ng Dios ang lalaki at inilagay siya sa ilalim ng kinakailangang disiplina, at pinaalis ng Dios ang tao sa halamanan. Ang Dios ay hindi umayon sa kanyang nararamdaman at damdamin. Hindi hinayaan ng Dios ang tao na manatili at tumanggap ng mga pribilehiyo at mabuhay, Hindi pinayagan ng Dios na manatili ang lalaki at tumanggap ng mga pribilehiyo at mabuhay, kaya hindi mauunawaan ng mga tao na ang Dios na sinasamba natin ay pumapayag sa kasalanan ng tao. Pinapatupad din iyon ng Dios dahil karapat dapat tanggapin ng tao ang itinanim ng kanyang kamay. ***"22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: 23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya. 24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay." (Genesis 3:22-24 KJV)*** Dapat tayong maging katulad ng Dios na huwag isipin ang ating mga emosyon kundi ibigay ang pamamahala sa ating isip at mag isip ng matalino at naayon sa Salita ng Dios at ng Kanyang mga utos.

Gayundin dapat nating harapin ang emosyon ng ating mga puso upang hindi tayo mahadlangan sa anumang paraan sa pagkamit ng kalooban ng Dios. Ang pagbibigay daan para sa ating mga emosyon ay inilalagay tayo sa pagkaalipin at humahadlang sa atin sa paggawa ng Kanyang kaloobana t paglingkuran Siya.

Ang Dios ay magsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita at direkta sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kaya kailangan nating maging alisto sa Kanyang tinig at sundin SIYA. Ang Biblia ay nagsasaad ng mga halimbawa ng mga taong kalauna'y pinawalang halaga ang kanilang mga damdamin at nakinig at sumunod sa Salita ng Dios.

***1. Abraham:*** Tatalakayin natin dito kung paanong hinarap ng Dios ang damdamin ni Abraham at ipamuhay iyon sa ating buhay.

***"1 Sinabi nga ng Panginoon kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo: 2 At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran: 3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. 4 Kaya't yumaon si Abram, ayon sa sinalita sa kaniya ng Panginoon; at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may pitong pu't limang taon, nang umalis sa Haran." (Genesis 12:1-4 KJV)*** Ang Panginoon ay nagsalita kay Abrahamm na lisanin ang kanyang bansa, ang kanyang mga mga kamag anak at ang sambahayan ng kanyang ama, na pumaroon sa bagong lugar na nais ng Dios na marating niya. Iniisip ni Abraham ang bagay na ito at humayo at sumunod sa Dios. Hindi niya hinayaang hadlangan siya ng kanyang emosyon sa pagiwan niya sa mga bagay na nais ng Dios na iwanan niya. Kailangan niyang pagtagumapayan ang kanyang damdamin sa gayo'y matanggap NIya ang ipinangako ng Dios sa Kanya. * Maraming tao hindi nila magawang tanggapin ang ipinangako ng Dios sa kanila dahil ayaw nilang hayaang mawala ang kanilang emosyon sa kanila. * Ito rin ang naaangkop sa iyo. Maliban kung iiwan mo ang iyong dating buhay, ang iyong kultura at ang iyong lumang tradisyon kung sa gayon ay hindi mo magagawang matanggap ang lahat ng mga pagpapala ng Dios at ang bagong buhay at ang kamangha manghang plano na mayroon ang Dios para sa iyo.

***2. "2 At si Abram ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto. 3 At nagpatuloy si Abram ng kaniyang paglalakbay mula sa Timugan hanggang sa Bethel, hanggang sa dakong kinaroroonan noong una ng***

***kaniyang tolda sa pagitan ng Bethel at ng Hai; 4 Sa dako ng dambana na kaniyang ginawa roon nang una: at sinambitla doon ni Abram ang pangalan ng Panginoon. 5 At si Lot man na kinasama ni Abram ay may tupahan at bakahan, at mga tolda. 6 At sila'y hindi makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama: sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't hindi maaring manirahang magkasama. 7 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay naninirahan noon sa lupain. 8 At sinabi ni Abram kay Lot, Ipinamamanhik ko sa iyong huwag magkaroon ng pagtatalo, ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko; sapagka't tayo'y magkapatid. 9 Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako. 10 At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na magaling sa magkabikabila, kung pasa sa Zoar, bago giniba ng Panginoon ang Sodoma at Gomorra, ay gaya ng halamanan ng Panginoon, gaya ng lupain ng Egipto. 11 Kaya't pinili ni Lot sa kaniya ang buong kapatagan ng Jordan; at si Lot ay naglakbay sa silanganan: at sila'y kapuwa naghiwalay. 12 Tumahan si Abram sa lupain ng Canaan; at si Lot ay tumahan sa mga bayan ng kapatagan, at inilipat ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma." (Genesis 13:1-12 KJV)*** Si Abraham ay may malaking pagibig kay Lot, ngunit kinailangan niyang hayaang umalis si Lot kung saan niya gusto upang matapos ang alitan na nangyayari sa pagitan ng kanilang mga tauhan.

Ang presenya ni Lot at ng kanyang mga tauhan ay isang hadlang para kay Abraham upang tanggapin ang mga pagpapala ng Dios, Kaya kailangan niyang hayaang siyang umalis. ***"14 At sinabi ng Panginoon kay Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong kalunuran: 15 Sapagka't ang buong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakaylan man. 16 At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi: na ano pa't kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin ang iyong binhi. 17 Magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinabahaba at niluwang-luwang niyan; sapagka't ibibigay ko sa iyo." (Genesis 13:14-17 KJV)*** Nang napagtagumpayan ni Abraham ang kanyang emosyon at hinayaang umalis si Lot nagawa niyang makita ang ipinangako ng Dios sa kanya at lumakad sa buong lupain na ibinigay ng Dios bilang pagpapala sa kanya at sa kanyang mga inapo. * Mayroong mga taong nagpapatuloy sa kanilang mga pakikibaka dahil ayaw nilang may mga taong lumayo sa kanilang buhay. Ang tanging dahilan para doon ay ang kanilang mga emosyon na pinanghahawakan ng mga taong iyon, ngunit sa katotohanan sila'y hinadlangan at nantala, at hindi kayang makita at matanggap ang mga pagpapala ng Dios. * Sa parehong paraan nais ng Dios na pigilan mo ang iyong damdamin at hayaan ang ilang tao na umalis sa iyong buhay para bumalik sa iyo ang kapayapaan at makikita ang magagandang bagay na inihanda ng Dios para sa iyo.

***"1 At dumalaw ang Panginoon kay Sara, ayon sa sinabi niya, at ginawa ng Panginoon kay Sara ang ayon sa kaniyang sinalita. 2 At si Sara ay naglihi at nagkaanak ng isang lalake kay Abraham sa kaniyang katandaan, sa tadhanang panahong sinabi ng Dios sa kaniya. 3 At tinawag na Isaac ni Abraham ang ngalan ng kaniyang anak na ipinanganak sa kaniya, na siyang ipinanganak ni Sara. 4 At tinuli ni Abraham si Isaac ng magkaroon ng walong araw gaya ng iniutos ng Dios sa kaniya. 5 At si Abraham ay may isang daang taon, nang sa kaniya'y ipanganak si Isaac na kaniyang anak. 6 At sinabi ni Sara, Pinatawa ako ng Dios, sinomang makarinig ay makikitawa. 7 At sinabi niya, Sinong nakapagsabi kay Abraham na si Sara ay magpapasuso ng anak? sapagka't ako'y nagkaanak sa kaniya ng isang lalake sa kaniyang katandaan. 8 At lumaki ang sanggol, at inihiwalay sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham ng araw na ihiwalay sa suso si Isaac. 9 At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. 10 Kaya't sinabi niya kay Abraham, Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng aliping ito na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac. 11 At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak. 12 At sinabi ng Dios kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawagin ang iyong lahi. 13 At ang anak din naman ng alipin ay gagawin kong isang bansa, sapagka't siya'y anak mo. 14 At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beerseba." (Genesis 21:1-14 KJV)*** Narito matapos bisitahin ng Dios si Sara at nagdalang tao at nanganak ng isang lalaki, at matapos siyang ihiwalay sa kanya. Initusan ng Dios si Abraham at kailangan niyang isuko si Agar at ang kanyang anak na si Ismael at paalisin sila dahil ang kaugnayang iyon kay Agra ay pangangalunya at kailangan ni Abraham na talikuran iyon para mamuhay nang malaya sa kasalanan at magkaroon ng kapayapaan sa kanyang tahanan. Sa parehong paraan anumang kaugnayan na tulad niyon ay kailangan mong talikuran, putulin at paalisin mula sa iyong buhay sa gayo'y ang kapayapaan ay bumalik sa iyo at sa iyong pamilya.

***D. "1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya***

***roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak." (Genesis 22:1-12 KJV)*** Handang ihandog ni Abraham ang Kanyang sariling anak na si Isaac sa Dios, kahit na si Isaac sa pamamagitan Niya ay tatangapin ni Abraham ang pangako ng Dios. Nagawa iyon ni Abraham dahil hindi siya pinamunuan o naimpluwensyahan ng kanyang emosyon bagkus ay pinamunuan siya ng kanyang pananampalataya sa Dios habang nagtitiwala siya na ang Dios ay maging kayang buhayin si Isaac mula sa mga patay ***"17 Sa pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay inihandog si Isaac: oo, siyang tumanggap na may galak ng mga pangako ay siyang naghandog sa kaniyang bugtong na anak; 18 Sa makatuwid baga'y yaong pinagsabihan, Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi: 19 Na inisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin siyang maguli ng Dios; mula diyan din naman ay muli siyang tinanggap sa isang halimbawa." (Hebrew 11:17-19 KV)*** Sa parehong paraan ay maaaring tawagin ka ng Dios tulad ng pagtawag Niya kay Abraham upang ibigay sa kanya ang isang tao na napakalapit sa iyo at kailangan mong sundin ang Dios at maging handang ibigay sa kanya ang hinihiling Niya sa iyo upang ang pangako ng Dios ay matupad sa iyong buhay.

Ang ating damdamin ang pinakamalakas na sumasalungat sa gawain at paglilingkod ng Dios. Maaari itong tumagos at makaapekto sa sinuman. Walang sinuman ang hindi kinakapitan, at ang mga emosyon ay maaaring tumama at sumira nang hindi inaasahan ninuman. Kaya naman sa ating paglilingkod sa Dios kailangan nating maging matatag sa pagkontrol sa gayong kaaway.

Nagtagumpay si Abraham sa pagpigil sa gayong kaaway at dahil doon ay nakamit niya ang mga pangako ng Dios: ***"15 At tinawag ng anghel ng Panginoon si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang Panginoon, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak; 17 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; 18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig." (Genesis 22:15-18 KJV)*** Nang mapagtagumpayan ni Abraham ang kanyang damdamin, inihiwalay niya ang mga pagpapala ng Dios para ipasa sa kanyang anak, Maraming tao ay napapamunuan ng kanilang mga damdamin hinaharangan nila ang mga pagpapala ng Dios na ipasa sa kanilang mga anak. At iniisip nila na mahal nila ang kanilang mga anak, ngunit ang katotohanan ay, kinamumuhian nila ang mga ito kapag umaayon sila sa kanilang emosyonal na pagmamahal at gumagawa ng mga hangal na bagay na hindi sinasang ayunan ng Dios. Tulad ni Abraham na handang igapos si Isaac sa dambana at pinagpala ng Dios si Isaac, sa parehong paraan ay maging handa na disiplinahin ang iyong mga anak at ibigay sila nang lubusan sa Dios sa gayo'y pagpapalain Niya sila at gantimpalaan.

***2. Si Jacob:*** Makikita natin kung paanong gumawa ng maling pagpapasya at pagkilos, at kung paano siya'y nagdusa ng higit dahil sa sinunod niya ang kanyang emosyon:

***A. "1 Nang magkagayo'y nagpatuloy si Jacob ng kaniyang paglalakbay, at napasa lupain ng mga anak ng silanganan. 2 At siya'y tumingin, at nakakita ng isang balon sa parang, at narito, may tatlong kawan ng mga tupa na nagpapahinga sa tabi roon: sapagka't sa balong yaon pinaiinom ang mga kawan: at ang batong nasa ibabaw ng labi ng balon ay malaki. 3 At doon nagkakatipon ang lahat ng kawan: at kanilang iginugulong ang batong nasa ibabaw ng labi ng balon, at pinaiinom ang mga tupa, at muling inilalagay ang bato sa ibabaw ng labi ng balon, sa dako niyaon. 4 At sinabi sa kanila ni Jacob, Mga kapatid ko, taga saan kayo? At kanilang sinabi, Taga Haran kami. 5 At sinabi niya sa kanila, Nakikilala ba ninyo si Laban na anak ni Nachor? At kanilang sinabi, Nakikilala namin siya. 6 At sinabi niya sa kanila, Siya ba'y mabuti? At, kanilang sinabi, Siya'y mabuti: at, narito, si Raquel na kaniyang anak ay dumarating na dala ang mga tupa. 7 At sinabi niya, Narito, maaga pa, ni hindi oras tipunin ang mga hayop: painumin ninyo ang mga tupa, at***

***inyo silang pasabsabin. 8 At kanilang sinabi, Hindi namin magagawa hanggang sa magkatipon ang lahat ng kawan, at igugulong ang bato mula sa labi ng balon; gayon nga aming pinaiinom ang mga tupa. 9 Samantalang nakikipagusap pa siya sa kanila, ay dumating si Raquel na dala ang mga tupa ng kaniyang ama; sapagka't siya ang nagaalaga ng mga iyon. 10 At nangyari, nang makita ni Jacob si Raquel na anak ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina, at ang mga tupa ni Laban na kapatid ng kaniyang ina, na lumapit si Jacob at iginulong ang bato mula sa labi ng balon, at pinainom ang kawan ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina. 11 At hinagkan ni Jacob si Raquel; at humiyaw ng malakas at umiyak. 12 At kay Raquel ay sinaysay ni Jacob na siya'y kapatid ni Laban, na kaniyang ama, at anak siya ni Rebeca: at siya'y tumakbo at isinaysay sa kaniyang ama. 13 At nangyari, nang marinig ni Laban ang mga balita tungkol kay Jacob, na anak ng kaniyang kapatid, ay tumakbo siya na kaniyang sinalubong, at kaniyang niyakap at kaniyang hinagkan, at kaniyang dinala sa kaniyang bahay. At isinaysay ni Jacob kay Laban ang lahat ng mga bagay na ito. 14 At sinabi sa kaniya ni Laban, Tunay na ikaw ay aking buto at aking laman. At dumoon sa kaniyang isang buwan. 15 At sinabi ni Laban kay Jacob, Sapagka't ikaw ay aking kapatid ay nararapat ka bang maglingkod sa akin ng walang bayad? sabihin mo sa akin kung ano ang magiging kaupahan mo. 16 At may dalawang anak na babae si Laban: ang pangalan ng panganay ay Lea, at ang pangalan ng bunso ay Raquel. 17 At ang mga mata ni Lea ay mapupungay; datapuwa't si Raquel ay maganda at kahalihalina. 18 At sininta ni Jacob si Raquel; at kaniyang sinabi, Paglilingkuran kitang pitong taon dahil kay Raquel na iyong anak na bunso. 19 At sinabi ni Laban, Magaling ang ibigay ko siya sa iyo, kay sa ibigay ko sa iba: matira ka sa akin. 20 At naglingkod si Jacob dahil kay Raquel, na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya. 21 At sinabi ni Jacob kay Laban, Ibigay mo sa akin ang aking asawa, sapagka't naganap na ang aking mga araw upang ako'y sumiping sa kaniya. 22 At pinisan ni Laban ang lahat ng tao roon at siya'y gumawa ng isang piging. 23 At nangyari nang kinagabihan, na kaniyang kinuha si Lea na kaniyang anak at dinala niya kay Jacob, at siya'y sumiping sa kaniya. 24 At sa kaniyang anak na kay Lea ay ibinigay na pinaka alilang babae ang kaniyang alilang si Zilpa. 25 At nangyari, na sa kinaumagahan, narito't si Lea: at kaniyang sinabi kay Laban: Ano itong ginawa mo sa akin? Hindi ba kita pinaglingkuran dahil kay Raquel? Bakit mo nga ako dinaya? 26 At sinabi ni Laban, Hindi ginagawa ang ganyan dito sa aming dako, na ibinibigay ang bunso, bago ang panganay. 27 Tapusin mo ang kaniyang sanglingo, at ibibigay rin naman namin sa iyo ang isa, dahil sa paglilingkod na gagawin mong pitong taon pa, sa akin. 28 At gayon ang ginawa ni Jacob, at tinapos niya ang sanglingo nito, at ibinigay ni Laban sa kaniya si Raquel na kaniyang anak na maging asawa niya. 29 At sa kaniyang anak na kay Raquel ay ibinigay ni Laban na pinaka alilang babae ang kaniyang alilang si Bilha. 30 At sumiping din naman si Jacob kay Raquel, at kaniya namang inibig si Raquel ng higit kay Lea, at naglingkod siya kay Laban na pitong taon pa. 31At nakita ng Panginoon na si Lea ay kinapopootan niya, at binuksan ang kaniyang bahay-bata; datapuwa't si Raquel ay baog." (Genesis 29:1-31 KJV)*** Si Jacob ay kumilos sa kanyang damdamin upang magpakasal kay Raquel. Handa siyang magpakasal sa ikalawang pagpapakasal at mangalunya upang pakasalan si Raquel bilang pagsunod sa kanyang emosyon. Si Lea ang itinakda na asawa ng Dios at pagpapala sa kanya, ngunit hindi niya ito minahal dahil pinangunahan siya ng kanyang emosyon at hindi ng kalooban ng Dios. Ang emosyon ay haharang sa mga tao na makita ang tunay na mga pagpapala ng Dios. Ang emosyon ang haharang sa mga tao mula sa pagkakita sa tunay na pagpapala ng Dios. * Ang mga pinangungunahan ng kanilang damdamin ay hindi matalino; nawawala sa kanila ang pangunguna ng Banal na Espiritu ng Dios. * Ipamuhay ito at tingnan at suriin kung saan ka nalinlang ng iyong damdamin at nagkamali ng mga desisyon at gumawa ng maling mga bagay sa iyong buhay. * Kailangan mong maging matapang at magsisi mula rito upang makatakas ka sa bitag ng diyablo na binihag ka niya upang gawin ang kanyang kalooban.

***B. "1 At tumahan si Jacob sa lupaing pinangibahang lupain ng kaniyang ama, sa lupain ng Canaan. 2 Ito ang lahi ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila. 3 Minamahal nga ni Israel si Jose ng higit kay sa lahat niyang anak, sapagka't siya ang anak ng kaniyang katandaan: at siya'y iginawa ng isang tunika na may sarisaring kulay." (Genesis 37:1-3 KJV)*** Ang pagibig ni Jacob kay Jose ay dahil siya ay anak ni Raquel, ang kanyang paboritong asawa. Ang pagibig na iyon ang nagsulong ng maraming paninibugho sa puso ng lahat ng mga anak niyang lalaki patungo kay Jose. Ang pamilyang iyon ay kinuha si Jose at ipinagbili sa mga Ismaelita na bumaba sa Egipto. Si Jacob sa pandaraya mula sa kanyang mga anak ay naniwala na si Jose ay namatay at nagluksa siya para dito. Siya ay nahiwalay mula kay Jose ng 22 mga taon bago niya siya makitang muli. At nabuhay siya sa lahat ng mga taong ito ng paghihiwalay sa miserableng katayuan dahil sa kanyang natatanging pagmamahal kay Jose. * Ang damdamin ng mga magulang patungo sa ilang mga anak ay magdadala ng mga kabagabagan sa loob ng pamilya sa kanilang mga anak, at ang mga magulang mismo ang magdurusa tungkol doon. * Sa gayon ding paraan pagnilayan ang mensahe at tingnan at suriin ang iyong sarili kuing mas pinapaboran mo ang isa sa iyong mga anak kaysa iba at sa anumang dahilan at pagsisisihan ang mga ito at baguhin ang iyong mga gawain dahil ang mga ito ay magdudulot ng mga kalituhan, paninibugho at problema sa loob ng pamilya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Umasa at magdasal na ang mensahe na tutulong sa iyo at sa iba na mapagtanto kung nasaan ka o sila'y nagpapatuloy sa damdamin. Dumating na ang panahon na matanto mo ang masasamang

epekto ng iyong damdamin sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya at mga anak, at sa buhay ng iyong ministeryo at patotoo sa iyong buhay at nauukol sa mga nagawa mo sa Dios at sa Kanyang kalooban sa iyong buhay.

Lumapit ngayon sa Dios nang may pagsisisi at maging handang pigilin ang iyong damdamin. Maging handang talikuran ang iyong mapusok na emosyon, at maging handang iwanan ang mga bagay na hindi tugma sa Dios, hinahayaan ang mga bagay na lumayo sa iyo upang makita mo ang Kanyang mga pagpapala sa iyong buhay, at handang talikuran ang mga bagay na hadlang sa iyo na ituloy ang kalooban ng Dios, at ibigay ang mga bagay na nais ng Dios na ibigay mo sa Kanya upang ang Kanyang mga pagpapala ay patuloy na dumaloy sa iyong buhay at maabot ang iyong mga anak, ang iyong mga inapo at ang mga susunod na henerasyon. Tayo ay manalangin

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na nagpaalala sa akin na hindi ko dapat paunlakan at bigyang daan ang emosyon na mapasa aking buhay at sa paglilingkod ko sa iyo. Panginoon salamat sa iyo para sa aking pamilya at sa mga anak at salamat sa iyo para sa lahat ng mga pagpapala na ibinigay mo sa akin. Panginoon salamat sa iyo para sa mga aral, pagtutuwid, sa pagsaway at sa pagpapayo na tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mapusok na damdamin na batay sa laman, kamunduhan at sa gawa ng laman. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong kamunduhan at ng iyong pagibig para sa sanglibutan at sa materyal na mga bagay. Magsisi at talikdan ang iyong malakultura at kinaugaliang pamumuhay na salungat sa Salita ng Dios at ng Kanyang kalooban. Magsisi at talikdan ang iyong kasakiman, ang iyong pagibig sa salapi, ang iyong pakikipag away at pakikipagtalo, at ang iyong paninibugho at pagseselos. Magsisi at talikdan ang iyong paboritismo at ang iyong pagtatangi sa pagitan ng iyong mga anak. Panginoon Ako'y nagsisisi patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________________.*

*Panginoon Ako'y nagsisisi sa lahat ng mga emosyong ito patungkol sa mga sumusunod na bagay ________________________________. Sinasaway ko ang lahat ng mga ito sa pangalan ni Jesus.*

*Panginoon hayaan mong matupad ang iyong Salita sa aking pakikipag ugnayan sa ibang tao upang ang iyong pangalan ay luwalhatiin. Panginoon bigyan mo ako ng pagkilala at pagpipigil sa sarili para hindi ako sumabay sa aking emosyon kundi umayon sa iyong kalooban.. Panginoong Jesus linisin mo ako sa pamamagitan ng iyong banal na dugo na ibinuhos sa krus para sa aking mga kasalanan.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang talikuran ang kanilang mga makasalanan at hindi makadios na damdamin at handang pasakop sa iyong plano at kalooban. Panginoon tulungan silang lumakad sa iyong mga landas at gawin ang nakalulugod sa iyo. Panginoon Dalangin ko sa iba na matigas pa rin ang ulo, Panginoon disiplinahin sila upang sila'y magsisi sa kanilang damdamin at ang mga kasalanan na ginagawa nila.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu upang patuloy na ipalaganap ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao, at turuan sila ng iyong mga daan. Panginoon tulungan kami na magpatuloy na magsanay sa aming mga kasapi at turuan silang mamuhay sa isang kasiyasiyang buhay sa iyo at kung paanong palakihin ang kanilang mga anak sa pagkatakot sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na humayo at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad sa buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan nin Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 47 Pagtagumpayan ang Damdamin Yugto 1. Colosas 3:2. Genesis 3:22-24. Genesis 12:1-4. Genesis 13:2-12, 14-17. Genesis 21:1-14. Genesis 22:1-12, 15-18. Hebrew 11:17-19. Genesis 29:1-31. Genesis 37:1-3.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com